7.6

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 29, 2009, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes .. | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Angelito U. Limjuco* | ..... *Kagawad* |

**KAPASIYAHAN BLG. 172-T'09**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ORDINANSA SA PAGLALAAN BLG. 05-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAGKAKAHALAGA NG WALUMPUNG LIBO WALONGDAAN SIYAMNAPU'T ISANG PISO AT WALUMPU'T LIMANG SENTIMOS (Php80,891.85) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) NG TAONG KASALUKUYAN UPANG ILAAN PARA SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php16,178.37), 10% SK FUND (Php8,089.18), 5% CALAMITY FUND (Php4,044.59), CASH GIFT (Php38,500.00), PAMBILI NG GULONG (Php10,000.00), SEMINAR (Php2,000.00) AT PAMBILI NG KAGAMITANG PANGTANGGAPAN (Php2,079.71) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 52-T2009/Ordinansa sa Paglalaan Blg. 05-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagkakahalaga ng Php80,891.85 mula sa karagdagang Internal Revenue Allotment (IRA) ng taong kasalukuyan upang ilaan para sa 20% development fund (Php16,178.37); 10% SK Fund (Php8,089.18), 5% calamity fund (Php4,044.59); cash gift (Php38,500.00); pambili ng gulong (Php10,000.00); seminar (Php2,000.00) at pambili ng kagamitang pangtanggapan (Php2,079.71) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T**, lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Oscar F. Feliciano at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Ordinansa sa Paglalaan Blg. 05-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagkakahalaga ng Php80,891.85 mula sa karagdagang Internal Revenue Allotment (IRA) ng taong kasalukuyan upang ilaan para sa 20% development fund (Php16,178.37); 10% SK Fund (Php8,089.18), 5% calamity fund (Php4,044.59); cash gift (Php38,500.00); pambili ng gulong (Php10,000.00); seminar (Php2,000.00) at pambili ng kagamitang pangtanggapan (Php2,079.71) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

alan S. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGGALAS**
Punong Bayan